Negosyanteng Pinoy

Tomo 1 Bilang 1
Nobyembre 1998

Isang paglilingkod-bayan ng *Center for Business and Economics Research and Development (CBERD)* ng De La Salle University-Manila

Sariling negosyo?

Nagsasawa ka na ba sa pagiging isang ordinaryong empleyado? Gusto mo bang maging sarili mong boss? Naghahanap ka ba ng dagdag na mapag-kakakitaan o di kaya ng mapaggagamitan ng naipong pera?

Kung "Oo" ang sagot mo sa mga nabanggit na tanong, ang pagnenegosyo ay para sa iyo.



Mga dapat tandaan

Kailangan nating alalahanin na ang pagtatagumpay ng isang negosyo ay hindi lamang nakasalalay sa lakas ng loob ng namumuhunan, kundi pati na rin sa maraming bagay. Unang-una, kai-langang merong pangangailangang (needs) tinutugunan ang isang negosyo. Ikalawa, kailangang merong mga salik o resources (tulad ng pera, pasilidad, manggagawa, makina, materyales) na gagamitin sa negosyo. Ikatlo, kailangang merong potensyal ang negosyong kumita o lumago upang hindi naman masayang ang pera at pagod na ipupuhunan. Ikaapat, kailangang merong kakayahan ang entreprenor na pamahalaan ang negosyo upang masiguro ang tagumpay nito.

Kailangan ding tandaan na ang pagnenegosyo ay isang pakikipag-sapalaran. Sa kabila nang lahat ng pagsasakripisyo, nariyan ang posibilidad ng pagkalugi--isang bagay na maaaring iwasan sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala.

Ang *Negosyanteng Pinoy*

Nilalayon ng ***Negos-yanteng Pinoy*** na maka-tulong sa pagtatagumpay ng Pilipinong entreprenor sa pamamagitan ng pagbi-bigay ng mga mahahalaga at kapaki-pakinabang na payo ukol sa pagnenegosyo at sa iba pang aktibidad pang-kabuhayan.

Sa isyung ito, mala-laman natin kung anong tipong negosyo ang dapat pasukan ng isang nais mamuhunan. Malalaman din natin ang katangian ng mga Pilipinong entreprenor na nagtagumpay sa itinayo nilang mga negosyo. Kasama rin sa isyung ito ang listahan ng mahahalagang ahensya ng gobyerno na dapat lapitan sa pagrerehistro ng isang negosyo.

Ang ***Negosyanteng Pinoy*** ay isang paghihikayat sa mga Pilipinong may kakayahan at lakas ng loob na magsimula ng sarili nilang negosyo. Para rin ito sa mga Pilipinong may malasakit sa bayan at sa kanilang kapwa-tao.

Anong negosyo ang papasukan ko?

KUNG HINDI mo malaman kung anong linya ng negosyo ang dapat mog pasukan, pwede mong gawin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Pag-aralan ang sarili. Meron ka bang libangan o partikular na interes? Meron ka bang angking talino o kakayahan? Meron ka bang mga katangiang magbibigay sa iyo ng tibay ng loob bilang isang entreprenor?

2. Pag-aralan ang handang kasanayan. Meron ka bang kilalang may kaparis mong talino o kakayahan? O di kaya'y taong may talinong maaring pumuno sa iyong kakulangan. Gusto ba niyang makisosyo sa iyo sa pagtayo at pagpapanatili ng isang negosyo?

3. Pag-aralan ang pangangailangan ng tao o kumpanya. Ano ang mga pangagailangan ng mga tao sa inyong lugar? Kailan mo gustong simulan ang iyong negosyo? Ano ang kasalukuyang binibili ng mga tao?

4. Pag-aralan ang lokal na materyal. Lagi bang mabibili sa lokal na pamilihan ang mga materyal na kailangan mo sa negosyo? Kung hindi, okey lang ba sa iyong umangkat mula sa ibang rehiyon o bansa? May panahon (season) bang hindi mabibili o di kaya'y mas mahal ang mga materyal na kailangan mo?

5. Pag-aralan ang listahan ng ating mga inaangkat sa ibang bansa (import list). Meron ka bang magagawang produkto na pwedeng ituring na pamalit sa mga inaangkat? Kung kaya mong gumawa ng ganitong klaseng produkto, dudumugin ka ng mga tao. Makakatulong ka pa sa pagtitipid ng dolyar na kailangan ng bansa sa iba pang materyal na inaangkat nito.

6. Pag-aralan ang mga bagong teknolohiya. Meron bang mga bagong kagamitan, makina, o pamamaraang maaaring makatulong na mapabuti o mapabilis ang iyong negosyo? Magagawa ba nitong paakyatin ang kalidad ng iyong produkto? Magagawa ba nitong gawing mas mura ang iyong produkto? Kung gagamitin mo ang teknolohiyang ito, mapapalawak mo ba ang sakop ng iyong negosyo?

Bakit nalulugi o nagsasara ang maliliit na negosyo?

Hindi biru-birong magtayo at magpatakbo ng isang negosyo. Maraming sakripisyo ang hinihingi sa namumuhunan, lalo na sa kanyang pagsisimula. Sa kabila nang lahat, naroroon ang posibilidad ng pagkalugi, isang pangyayaring pinakaiiwasan ng bawat entreprenor.

Narito ang mga bagay na karaniwang sanhi ng pagsasara ng mga maliliit na negosyo--mga babay na dapat iwasan:

1. kakulangan ng kakayahan
2. kakulangan ng pera
3. kakulangan ng teknikal na kaalaman sa negosyo
4. maling lokasyon ng negosyo
5. maling pamamahala ng imbentaryo
6. kakulangan ng kakayahan sa pamamahala
7. pagkalubog sa pagkakautang
8. masyadong mabilis na pagpapalaki ng negosyo nang walang sapat na pagpaplano
9. maling pagsusuri sa linya ng negosyong pinasukan
10. mahinang klaseng produkto

Mga katangian ng matagumpay na entreprenor o negosyante

Ano nga ba ang mga katangian ng mga matatagumpay na negosyante?

Sa isang survey na isinagawa ni Dr. Divina Edralin, propesor ng negosyo ng De La Salle University, na nilahukan ng 107 Pilipinong entreprenor mula Agosto 1995 hanggang Hunyo 1997, napag-alaman ang mga personal na katangian (personal qualities) at teknikal na kakayahan (technical skills) na itinuturing ng mga ininterbyu na nakatulong sa kanilang tagumpay.

Mga personal na katangian (Personal qualities)

1. masipag
2. may pananagutan
3. may tiwala sa sarili
4. masikap
5. matiyaga
6. may disiplina sa sarili
7. matapat
8. bihasa na may nagagawa (achievement-oriented)

Mga teknikal na kakayahan (Technical skills)

1. kakayahang mag-organisa
2. teknikal na kaalaman ng produkto o serbisyong binebenta
3. mahusay magsalita
4. kakayahang magpatupad ng mga plano
5. nangangarap at naglalahad ng planong panghinaharap
6. pagtugun-tugunin ang mga dapat gawin



Ang isang tagapangasiwa (A manager)	Ang isang entreprenor (An entrepreneur)
ay isang tagapangalaga is a custodian	**ay lumilikha ng negosyo** is a creator of business
ay naghahanap ng katiyakan seeks stability	**ay may tibay ng loob** takes risks
ay may sagutin lamang is responsible	**ay may tunay na kapanagutan** is personally responsible
ay umaabot ng mga mithiin attains targets	**ay nakahihigit** achieves
ay nabubuhay sa kaayusan lives on a structure	**ay umuunlad sa kaguluhan** thrives on chaos

Pagpaparehistro ng isang negosyo

Kung gusto mong iparehistro ang iyong negosyo bilang isang sole proprietorship (negosyong ikaw ang may-ari), kailangan mong pumunta sa ilang ahensya ng gobyerno. Madali lamang ito kung kumpleto na ang iyong mga papeles (documentation). Narito ang mga dapat mong puntahan:

1. DTI-BTRCP. Ang mga *sole proprietorship* ay kailangang iparehistro sa Department of Trade and Industry (DTI) at sa Bureau of Trade Regulation and Consumer Protection (BTRCP) upang makakuha ka ng eksklusibong karapatang gamitin ang pangalan ng iyong negosyo (business name). Magsisilbi itong proteksyon sa mga nais magsamantala sa paggamit ng iyong pangalan. Sinisiguro ng mga ahensyang ito na walang kaparis ang pangalan ng iyong kumpanya. *Saan magpaparehistro: sa pinakamalapit na DTI office.*

2. Mayor's Office. Ang mga permit at lisensya ay kinakailangan para masigurong nasusunod ang mga requirements ng lugar na kinatatayuan ng negosyong nabanggit. *Saan magpaparehistro: munisipyo o city hall.*

3. BIR. Ang Bureau of Internal Revenue (BIR) ang magbibigay sa iyong negosyo ng sarili nitong tax identification number (TIN) at ng karapatang magpalimbag ng mga resibo, invoices, atbp. *Saan magpaparehistro: sa pinakamalapit na BIR office.*

4. SSS Registration. Ang Social Security System (SSS) ay nagbibigay ng maraming benefits sa mga empleyado. Makikinabang din dito ang may-ari ng kumpanya kung sakaling maaksidente o mamatay ang isang empleyado.

5. DOLE. Kailangang magparehistro sa Department of Labor and Employment (DOLE) ang mga negosyong higit sa apat ang mga empleyado.

6. Iba pang opisina. Kailangan mo pang magparehistro sa iba pang ahensya ng gobyerno depende sa negosyong iyong itatayo. Ilan sa mga ahensyang ito ay ang sumusunod: Bureau of Food and Drugs, Bureau of Fisheries and Aquatic Resources, Bureau of Animal Industry, at Bureau of Plant Industry.

Mga importanteng ahensya ng gobyerno

SEC
Securities and Exchange Commission
SEC Building, EDSA Greenhills
Mandaluyong City 1501
780-931, 774-543; Fax 722-0990

BDT
Bureau of Domestic Trade
4/F Board of Investments Building
385 Sen. Gil J. Puyat Avenue, Makati
895-3515, 897-3788; Fax 896-1166

BIR
Bureau of Internal Revenue
BIR Building, Gov't Office Complex,
Diliman, Quezon City 1104
977-676; Fax 922-4894
Atrium Building, Makati Avenue
811-4009, 819-0062, 811-4016

SSS
Social Security System
SSS Building, East Avenue
Diliman, Quezon City 1102
921-0619, 921-0660; Fax 921-2022

DOLE
Department of Labor and Employment
DOLE Building, San Jose Street
Intramuros, Manila 1002
527-3585, 527-3577, 527-2126
Bureau of Labor Relations 527-3515

BFAD
Bureau of Food and Drug
SVL Compound, Alabang, Muntinlupa
842-2213, 842-2295; Fax 842-4603

Negosyanteng
Pinoy

Publikasyon ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University--College of Business and Economics

Tomo 1 Blg. 1 Nobyembre 1998

Editorial board
Dr. Tereso Tullao, Jr.
Dr. Divina Edralin
Raymund Habaradas

Guest artists
Jason Quiñones
Lawrence Dumalag